
## Kuwento 10: Si Ruth, ang mabuting manugang

Talata sa Bibliya [Ruth 1:16b]

**Saanman kayo pumunta, doon ako pupunta. Kung saan kayo tumira, doon din ako titira. Ang inyong bayan ang magiging aking bayan. Ang inyong Diyos ang magiging aking Diyos.**

Matagal na panahon na ang nakakalipas, nagkaroon ng matinding taggutom sa bayan ng Bethlehem.
Kaya ang lalaking nagngangalang Elimelek, na siyang naninirahan sa Bethlehem, ay kinuha ang kaniyang asawa at dalawang anak at lumipat sa bansa ng Moab.
Ngunit nagdaan ang ilang taon, si Elimelek ay pumanaw dulot ng isang sakit.
Matapos nito, ang kanyang dalawang anak ay nagpakasal sa babeng Moabite. Sampung taon ang nakalipas.
Matapos ang halos sampung taon, ang dalawang lalaking anak ay namatay, naiwan nila si Naomi at ang dalawang manugang na sina Orpah ang pinakamatanda at si Ruth naman ang siyang pinakabata.
Matapos nito, nang matapos na ang matinding taggutom sa Israel
Ninais ni Naomi na makabalik sa kaniyang pinanggalingang bayan.



Bago siya bumalik, tinawag ni Naomi ang kaniyang dalawang manugang, Ruth at Orpah.
"Bumalik kayo sa inyong pinanggalingang bayan. Ako naman ay babalik na din sa aking pinanggalingan.
Silang tatlo ay nagsimulang mag iyakan, Si Orpah ay patuloy na umiiyak, habang papaalis papunta sa kaniyang tahanan.
Ngunit si Ruth, ang mabuting manugang, hinawakan niya si Naomi at sinabi,
"Kung saan ka paparoon, doon ako paparoon. Ang iyong Diyos ay aking magiging Diyos. Kaya naman kung maaari ay huwag mong sabihin sa akin na ikaw ay iwanan ko."
Kaya naman, Si Ruth ay umalis kasama si Naomi papunta sa bayan ng Bethlehem sa Israel.
Ang mga tao sa Bethlehem ay nagulat ng makita nilang magkasama sina Naomi at Ruth.
Oras na upang anihin ang barley. Ang mga tao ay nagsilabasan sa lupain upang mang ani ng mga tanim.
Subalit si Naomi at Ruth ay walang lupain at wala ding tumutulong sa kanila.
Si Ruth, ang mabuting manugang ay lumabas sa lupain at naghanap ng makakain.
Noong si Ruth ay nag aani sa lupain, si Boaz ang nagmamay ari ng lupain ay nasilayan si Ruth.



Nagtanong si Boaz sa isa sa kaniyang mga tagasunod. Sino iyang batang babae?!
Ang tagasunod ay sumagot, "Siya ay isang Moabite na nanggaling mula sa Moab kasama si Naomi. Siya ay isang mabuting manugang."
Sinabi ni Boaz sa mga tagasunod, "Kumuha ka ng ilan sa mga tangkay mula sa tali at hayaan mo siyang makapag ani ng mas marami."
Nang bumalik si Ruth, ang kaniyang biyenan ay nagtanong, "Saan mo nakuha ang iyong mga ani?"



"Aking biyenan, ako ay nagtrabaho sa lupain na pagmamay ari ni Boaz."
Sinabi ni Naomi, "Siya ay isang malapit na kamag-anak, siguraduhin mong magtatrabaho ka lamang sa kaniyang lupain."
Inisip ni Naomi kung gaano kaganda na si Ruth at Boaz ay ikasal.
Si Boaz ay humahanga kay Ruth dahil ito ay nagtatrabaho ng masigasig araw-araw.
Kaya naman, binasbasan ni Naomi sila at ang kanilang pagpapakasal sa isat-isa.
Sa wakas, si Boaz at Ruth ay ikinasal.
Pinagpala ng Panginoon si Boaz at Ruth at pinagkalooban sila ng isang lalaking anak.
Si Naomi ay humanga sa kanilang dalawa. Pinangalanan ni Boaz ang kaniyang anak ng "Obed".
Si Obed ang nunong lalaki ni David na siyang hari ng Israel.




**Gawain 1.** **Sagutin ang mga sumusunod na tanong.**

a. Ano ang mga pangalan ng mga manugang ni Naomi?

---

b. Sino ang bumalik kasama si Naomi mula sa Moab papuntang Israel?



---


c. Basahin ang Ruth 1:16 at tumugon. Ano ang sinabi ni Ruth kay Naomi nang sabihin niya sa kanya na bumalik sa tahanan ng kanyang ina?

---


---

- **Basahin at kabisaduhin ang Bible verse. (Ruth 1:16b)**

**Ang inyong bayan ang magiging aking bayan. Ang inyong Diyos ang magiging aking Diyos.**



**Gawain 2.** Gupitin ang mga tauhan at gumawa ng finger puppet.



www.kidsworship.kr

Selah

Ministerio de Publicación Cristiano

Pangalan :